



Opisina ng Prime Minister at Opisina ng Ministry ng kalusuagn

05-07-2020

Ang Pamahalaan ay nagpasya sa isang serye ng mga agarang desisyon

Bilang karagdagan ang director ng Pangkalahatan ng Ministry ng Kalusuagn ay pipirma ng isang pagpapatupad ng mga alituntunin o order na naghihigpit sa mga aktibidad ng mga institusyong pang edukasyon at isa pang order para maiwasan ang pag titipon tipon ng maraming grupo ng mga tao sa lungsod ng Beitar Elite.

Humigit sa isang buwan, tumaas ang rate ng paglaganap ng Corona Virus sa Israel sa ngayon sa mga nagdaang mga araw, ang bilang ng mga pasyente ay tumaas nang Malaki at lumagpas na sa graph na 700 na may mga sakit sa loob ng isang araw lamang sa sitwasyong pag doble ng rate ng mga pasyente na mas mababa sa sampung araw. Samakatawid, ang mga mahahalagang hakbang ay kinakailangan sa ora na ito, kasama ang pag dedeklara ng mga lugar na napapabilang sa mga "restriktong mga lugar" na naayon sa pagpapatupad ng mga karagdagang mga hakbang sa buong estado ng Israel.

Mga limitadong mga lugar o restriktong mga lugar ang lahat ng mga pag hihigpit na nakalista sa Regulasyon 3 at 3A ay ang mga sumusunod:

1. Mahigpit na pinagbabawal ang paglabas ng isang tao kung saan napapabilang ang lugar ng kanyang tinitirhan sa mga lugar na restriktong subalit o liban sa mga sumusunod na layunin
 - Pagtanggap ng mahahalagang pangangalagang medical na hindi makakatanggap sa restriktong lugar
 - Para sa isang legal na proseso na nangangailangan ang personal na appearance ng isang tao
 - Isang Pulis, Sundalo, bantay sa bilangguan, pambansang brigada ng sunog {fire Fighter}, mang gagawang rescue o isang opisyal ng medical na kinakailangang lumabas o umalis bilang bahagi ng kanyang trabaho.
 - Paglilibing ng isang kamag- anak na first degree.
 - Paglipat ng isang menor de edad na ang mga magulang ay nakatira sa mag kahiwalay na tirahan na nasa labas o di nabibilang ang lugar ng tinitirhan sa restriktong lugar, liban sa isang magulang na ang custody ay nasa kanya or sa mga magulang na may joint custody.
 - Mga essential na mga pangangailangan, kasama na ang pag assist ng isang taong may sakit o pangangalaga ng isang matanda na pasyente at pag dalo sa isang libing ng isang miyembro ng pamilya, na may approval ng isang tao na authorized ng



Head ng isang National Emergency authority, na nababase sa mga alituntunin na inilathala sa publiko.

2. Mahigpit na pinagbabawal ang pagpasok ng isang tao sa restriktong lugar, liban sa mga sumusunod:

- Pagpasok ng isang rescue operation o kinatawan ng isang rescue na napapailalim base sa kanyang function
- Pagpasok ng isang tao na permanenteng naninirahan sa restriktong lugar
- Pagpasok ng isang pulis, sundalo, jail guard, national fire and proteksyon brigade, isang medical na personnel para magsagawa ng kanyang tungkulin sa lugar
- Pagpasok ng isang social worker na naayon sa batas para isagawa ang kanilang mga tungkulin
- Pagpasok ng mga manggagawa para sa kapakanan sa departamento ng isang serbisyong pan lipunan
- Pagpasok ng isang professional na mamahayag sa kamunikasyon
- Pagpasok sa restriktong lugar para mag bigay ng supply ng mga gamit mga paninda at pag bibigay serbisyo na essential, kasama ang pag bibigay ng serbisyo sa kuryente, gas, tubig, komunikasyon at mga serbisyo sa basura.
- Paglipat ng isang menor de edad na bata na ang mga magulang ay nakatira sa mag kahiwalay na bahay para ilipat ang bata sa isang bahay ng isa sa mga magulang.
- Pag pasok ng isang tao sa isang restriktong lugar para sa isang mahahalagang layunin kasama ang pagtulong sa kanyang kamag anak na may sakit o may edad o pagdalo sa libing ng isang kamag- anak, na naayon sapag apruba sa sinumang may pahintulot na isang pinuno ng National Emergency Authority na naayon sa mga alituntunin na inilathala sa publiko.

3. Bilang karagdagan, idineklara ng ministerial Committee na ang isang tao ay hindi maaring lumabas sa loob ng restriktong lugar liban na lamang sa mga sumusunod:

- Pagpasok ng isang empleyado o kandidato sa trabaho sa isang lugar na pag tatrabahugan na sya ay karapdapat na magtrabaho at bumalik sa lugar ng trabaho, pagdating ng isang empleyado sa isang lugar ng trabaho upang magsagawa ng mga mahahalagang mga Gawain sa pagpapanatili o maintenance na essential at pagkukumpuni o pag aayos pati na rin ang pagdadala ng isang empleyado sa naturang lugar ng trabaho.
- Pag stock ng mga pagkain, mga gamot at mga essential na mga produkto and pagtanggap ng mga essential na serbisyo.
- Pagtanggap ng serbisyong medikal
- Pag donate ng dugo
- Pagprotesta
- Mga legal na proseso
- Pag punta sa Knesset
- Pangangalaga sa mga welfare Gawain